# IKAW

*at ang Dios*

# Ikaw ay...

... abot-kamay.

Ngunit hindi mo ***ito*** pagmamay-ari! Hangga't nananatiling ganyan, naliligaw ka! Paulit-ulit ***itong*** dumarating sa iyo, ngunit itinataboy mo - sa bawat yugto ng iyong buhay...

# Ikaw ay...

...masyadong bata

Ang iyong buhay ay isang patuloy na paghabol para sa kasiyahan. Sinusubukan mo ang iyong pinakamabuti upang matagpuan ang sa tingin mo ay kaligayahan.

Tumatakbo ang iyong buhay pelikula at nguni't hindi mo alam ang papel na iyong ginagampanan – at hindi mo alam kung matatagpuan mo pa ito.

Sa panlabas, parang kontrolado mo ang lahat.

***Ngunit sa loob mo, ikaw ay sumisigaw...***



# Ikaw ay...



## ...masyadong abala

Nagpupumilit ka upang makamit ang iyong mga layunin. Minsan ang mga bagay ay maayos at maaari kang makipagsabayan sa iba. Ngunit madalas ay hindi ka nasisiyahan. Ang merry–go–round ng buhay ay walang awang nagpapatuloy – walang pagsasaalang-alang sa iyong mga iniisip. Kung titingnan mo ang iyong buhay, itatanong mo sa iyong sarili, “Ito lang ba talaga ang buhay?”

***Ngunit sa loob mo: May kulang pa...***

# Ikaw ay...

## ...napakatanda na

Naranasan mo na ang buhay sa lahat ng aspeto nito. Nauunawaan mo na ang mga tao ay hindi ang mga marangal na nilalang na gusto nilang isipin. Ang buhay ay nag-iwan ng marka sa iyo. Ang iyong lakas ay unti-unting nawawala. Ngunit hindi mo pa natagpuan kung ano ang nagpapahalaga sa buhay - pakiramdam mo:

***Hindi magtatagal, tapos na ang lahat!***



# Huli na…

Kung gayon ang oras upang tanggapin ***ito*** ay tapos na. Ngunit hanggang sa ngayon ay iniaalok pa rin ng Diyos ***ang Kanyang pinakadakilang*** handog sa lahat ng tao – sa iyo din! Kailangan mo ito. Bakit??? Dahil isa kang makasalanan! "Ako? Isang makasalanan?" - "Oo ikaw!" Sinabi ng Diyos:

**"Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."**
Roma 3:23




"Kasalanan? katawa-tawa! Maaaring hindi ako perpekto, ngunit tiyak na hindi ako masamang tao!" Yan ang pananaw natin sa mga bagay-bagay. Ngunit iba ang nakikita ng Diyos. Alam Niya ang iyong buong buhay at hindi niya winawalang bahala ang anumang kasalanan, gaano man "kaliit". Mahalagang malaman: Tinatawag ng Diyos kahit ang masasamang kaisipan na kasalanan. At ang kasalanan ang naghihiwalay sa iyo sa Diyos! Dito sa buhay na ito at pagkatapos nito.

Ang Diyos ay makatarungan. Ngunit dahil mahal ka Niya nang walang hanggan, binibigyan ka Niya ng napakagandang ***alok*** na ito: Sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, nilikha Niya ang tanging paraan para makalapit ka sa Diyos. Gusto niyang magkaroon ng isang buhay at personal na relasyon sa iyo. Iyon - at iyon lamang - ang magbibigay ng kahulugan sa iyong buhay.

**"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."**
Juan 3:16



Mahigit 2,000 taon na ang nakalilipas, si Jesu-Kristo ay naparito sa lupa. Bilang isang tao. Walang kasalanan. Ngunit kinasusuklaman, hinamak at sa katapusan ay hinatulan ng kamatayan sa krus. Sa totoo, dapat ikaw yun. Ngunit dahil mahal ka Niya, pinasan Niya ang parusa at ibinigay ang Kanyang buhay para sa iyo. Kinilala ng Diyos ang ginawa Niyang ito at samakatuwid ay binuhay Siya mula sa kamatayan. Walang laman ang kanyang libingan. Si Hesus ay buhay! Hinihintay ka ng Diyos. Lumapit ka sa Kanya. Ipagtapat mo sa Kanya ang iyong mga kasalanan upang palayain ka Niya. Sinabi niya:

**"Kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at makatarungan na patawarin tayo sa ating mga kasalanan at lilinisin tayo sa lahat ng kalikuan."** Juan 1:9

Buksan mo ang iyong puso sa Kanya. Hinding hindi ka magsisisi! Bibigyan ka Niya ng panloob na kapayapaan, katiwasayan at tunay na kagalakan.



# Nasa sa iyo!

***Tanggapin mo ang Kanyang alok.***

Kung tatanggihan mo ***ito*** ngayon, maaaring ito na ang iyong huling pagkakataon!

**"Inyong hanapin ang PANGINOON habang siya'y matatagpuan!... manumbalik ka sa PANGINOON, sapagkat siya'y magpapatawad ng sagana."** AYON SA ISAIAS 55:6,7

**© 2024 by GBV Dillenburg GmbH**
www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org

**GRACE AND TRUTH**
San Pablo City, Laguna
biblicalanswersphilippines@gmail.com

+63 (0) 906 477 9552 (English)
+63 (0) 950 358 3071 (Filipino)

Magbasa online!

Ginamit na salin ng Biblia:
Banal na kasulatan na kinuha mula sa Ang Bibilia 2001®.

GBV 148 5530 You Tagalog / Filipino